AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 3-6

### Aralin 3

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating ituloy ang pagbasa sa librong **"Alamat ng Palay" na isinulat ni Virgilio S. Almario.** Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 3** |
|---|
| Book Title: Alamat ng Palay |
| Author: Virgilio S. Almario |
| Source Adarna House at Buri Books |

**I. Pagbati**

Magandang araw! Kumusta naman kayo? ☺☀ Narito ulit si Teacher ______ para sa ating Reading Lesson! 🧡📚 Ngayon, itutuloy na natin ang pagbabasa sa "Alamat ng Palay" ni Ginong Virgilio Almario 👩🏽🏫

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽

Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Tatandaan natin yan ha? ☺

**III. Talasalitaan** 💬

Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibaba na makikita natin sa kwento, baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin!

Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Uhay** - bungkos o isang grupo ng halaman (hal. uhay ng damo, uhay ng mais)
**(2) Sisidlan** - lalagyan
**(3) Binhi** - buto ng halaman o parte ng halaman na tinatanim para lumaki
**(4) Maglalaan** - magbigay o magtakda ng angkop na dami para sa isang bagay

Alam kong kaya 'to! Kaya't simulan na natin!
--

**IV.📗 ALAMAT NG PALAY NI VIRGILIO S. ALMARIO**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

•"Bayuhin mo ang aming mga butil🌾 para maalis ang gintong balat," muling awit 🎶 na masaya ng mga damo. "Iluto mo ang puting laman ng butil para lumambot at maging masarap na pagkain 🍚.

•Pumitas ng maraming uhay si Danas🌾👨 hanggang mapuno ang kanyang sisidlan 🧺. At nagmamadaling umuwi kay Banag. 👣🚶‍♂️

• "May pagkain na tayo ngayon, tuwang-tuwang balita niya kay Banag 😁. Tulad ng mga utos ng damo 🌾, inalisan nila ng balat ang mga butil, at iniluto bago kinain. 🍚

•Kinabukasan, nagbalik sa parang si Danas. "Itanim mo ang aming butil," awit 🎶 ng mga damo 🌾. "Itanim mo sa lupang pinalambot ng ulan 🌧️🌾. Alagaan mo ang mga butil na tutubo.

•Tuwing mag-aani ka'y maglaan ka ng mga butil para muling itanim at alagaan. Matuto kang magsaka at mag-alaga ng halaman. Sa pagsasaka 👨🏻‍🌾 ka aasa ng ikabubuhay."

•Biglang naramdaman ni Danas ang patak ng ulan 🌧️. Nagdidilim ang langit nang tumingala siya ⛈️.

•"Palay ang itawag mo sa iyong pananim," awit ng mga damo na lalong sumigla ang pagsayaw 🌾 pagbuhos ng malakas na ulan 🌧️. "Ibalita mo sa ibang tao ang lahat. Ituro mo sa kanila ang pag-aalaga ng palay."

•Sinunod ni Danas ang utos ng damo. Gumawa siya ng bukid sa paligid ng bahay at pinag-aralang mabuti ang pag-aalaga ng palay 😊🌾. Itinuro 🗣️ niya sa ibang tao ang natutuhan.

•Lumawak nang lumawak ang mga bukid na taniman 🏞️, at mula noon, naging magsasaka 👨🏻‍🌾👩🏻‍🌾 ang mga tao. Hindi na rin sila palipat-lipat ng tirahan.
--

Ang galing talaga!☺
Nagiging mas madali kung babasahin nang malakas ang kwento, hindi ba? 📣
Dito rin nagtatapos ang ating kwento.

**V. Gawain** ✏️
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Inawit 🎶 ng mga damo ang dapat gawin ni Danas sa kanilang mga butil🌾, naalala mo pa ba ang mga ito?

🔎 Sinunod ba ni Danas ang utos ng mga damo?

🔎 Sa pagtatapos ng istorya, nabanggit kung ano ang naging kabuhayan ng mga tao, alam mo ba kung ano ito?

**VI. Pagnilayan** 🙏🏽
Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan ang tanong na ito:

Kung bibigyan ka ng pagkakataon na makapagtanim 👩🏼‍🌾, ano ang iyong itatanim at bakit? 🤔

Ano man ang iyong sagot, huwag sana kalimutang magpasalamat sa Diyos dahil nakakakain tayo araw-araw. Magpasalamat din tayo sa mga magsasaka 👨🏼‍🌾👩🏼‍🌾 dahil sa kanilang dedikasyon sa trabaho na makapagtanim ng palay🌾 na ating kinakain araw-araw. 🍚

| Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos |
|---|

**VII. Sagot sa Gawain** ✏️
🔎 "Bayuhin mo ang aming mga butil para maalis ang gintong balat." "Iluto mo ang puting laman ng butil 🥚 para lumambot at maging masarap na pagkain."🍚 Alam mo ba kung ano ang prosesong pinagdaanan ng palay bago maging bigas at kanin?

🔎 Sinunod niya ang utos ng mga damo 🌾 - inalisan nila ni Banag ng balat ang mga butil at iniluto bago kainin 🍚. Marunong ka na bang magsaing ng bigas? 🤔

🔎 Pagsasaka. 👨🏼‍🌾👩🏼‍🌾

**VIII. Pagtatapos**✔️

May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤

-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.